# PAG-AKSYON

6

ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Pagsubaybay sa Iyong Pag-usad
- Kaugalian sa Trabaho
- Mga Natatanging Konsiderasyon

## MGA LAYUNIN

Suriin ng mga estudyante ang mga pamamaraan ng pagsubaybay sa kanilang pag-usad habang kinukumpleto nila ang kanilang proyekto.

Tuklasin ng mga estudyante ang kahalagahan ng at ang mga katangian ng malakas na etika sa paggawa.

Suriin ng mga estudyante ang mga partikular na isyu sa proyekto na maaaring mangailangan ng espesyal na atensyon.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Isang popular na awit, kilalang tula o talumpati, o clip ng popular na palabas sa telebisyon o pelikula (Bahagi I)
- Isang kopya ng activity sheet na "Sheet sa Pagsubaybay" para sa bawat estudyante (Bahagi I)
- Isang kopya ng activity sheet na "Halimbawang Memo" para sa bawat estudyante (Bahagi I)
- Anim hanggang 10 index card o baraha para sa bawat estudyante (Bahagi II)

# Bahagi I: Pagsubaybay sa Iyong Pag-usad

Layunin: Suriin ng mga estudyante ang gamit ng mga sheet sa pagsubaybay at memo ng status.

**1. Tuklasin ng mga estudyante ang pakinabang ng pagtatabi ng rekord.**

Bago patugtugin ang popular na awit, bigkasin ang kilalang tula o talumpati, o panoorin ang clip ng popular na palabas sa telebisyon o pelikula, bilangin kung ilang beses lumabas sa piyesa ang isang partikular na titik, salita, o parirala (ikaw ang pipili). Piliin ang isa na lilitaw nang maraming beses. Sabihin sa mga estudyante na pagtuunan ng pansin ang piyesa, dahil tatanungin mo sila tungkol dito pagkatapos nito.

Patugtugin, ipalabas, o bigkasin ang piyesa. Pagkatapos, tanungin ang mga estudyante kung ilang beses lumabas sa piyesa ang partikular na titik, salita, o parirala. Hindi tumpak na mabibilang ng mga estudyante ang eksaktong bilang.

Sabihin sa mga estudyante na bibigyan mo sila ng isa pang tsansa na ibigay ang tamang sagot. Himukin sila sa pagkakataong ito na isulat sa isang piraso ng papel ang hinahanap nila.

Patugtugin, ipalabas, o bigkasin ulit ang piyesa Tanungin ulit ang mga estudyante kung ilang beses lumabas sa piyesa ang partikular na titik, salita, o parirala. Pagkatapos, magtanong ng mga tanong tulad ng mga sumusunod:

- Bakit mo nasasagot ang tanong na ito?
- Kung hindi ka nakapagtabi ng rekord, masasagot mo ba nang may kumpiyansa ang tanong?

Ipaliwanag sa mga estudyante na sa lugar ng trabaho, napakahalaga ng pagtatabi ng rekord. Imposibleng maalala ang mga detalye ng lahat ng nangyayari, kaya tinitiyak ng masusing pagrerekord na makakagawa sila ng mahusay na paghahambing at matuto mula sa mga gawaing nagawa na. Katulad ito ng kanilang paghahanap ng impormasyon tungkol sa mga proyekto sa

service learning ng iba para matuto sa nagawa na ng iba. Tumutulong din ang pagrerekord na masubaybayan kung aling gawain ang nakumpleto na at kung kailangan pang gawin.

**2. Maging pamilyar ang mga estudyante sa mga sheet ng pagsubaybay.**

Ipamahagi ang activity sheet na “Sheet ng Pagsubaybay” sa bawat estudyante, at maglagay ng kopya ng sheet ng pagsubaybay sa lugar na nakikita ng lahat. Gabayan ang mga estudyante sa bawat seksyon ng sheet, simulan sa paghingi ng kanilang opinyon sa layunin ng bawat seksyon, at pagkatapos ay magbigay ng simpleng paliwanag para sa bawat isa. Bilang isang klase, pagpasyahan ang halimbawang magagamit ninyo para punan ang sheet ng pagsubaybay.

Talakayin sa mga estudyante ang isang iskedyul para sa pagsusumite ng mga sheet ng pagsubaybay sa iyo, at magtakda ng mga petsa na inaasahan mong matanggap ang mga sheet ng pagsubaybay mula sa bawat grupo. Talakayin din sa mga estudyante kung anong uri ng filing system ang gagamitin nila para mapanatiling ligtas at organisado ang kanilang mga rekord.

**3. Maging pamilyar ang mga estudyante sa mga status memo.**

Ipamahagi ang mga kopya ng activity sheet na “Halimbawang Memo” at ilagay ang kopya ng halimbawang memo sa lugar na nakikita ng lahat. Ipaliwanag sa mga estudyante na ang mga memo ay mahalagang anyo ng komunikasyong ginagamit sa lugar ng trabaho. Ipaliwanag na hindi mahirap matutunan ang pagsulat ng memo dahil pare-pareho ang istruktura ng memo. Kapag alam na ng mga estudyante ang istruktura, makakasulat na sila ng mga memo.

Gabayan ang mga estudyante sa bawat bahagi ng memo, mula sa mga heading ("Para Kay," "Mula Kay," "Tungkol Sa," "Petsa"). Ipaliwanag na mahahati sa tatlong bahagi ang katawan ng memo:

- Paliwanag kung bakit sinusulat ang memo
- Mahalagang impormasyon
- Paano makakaugnayan ang sumulat

Dapat isulat nang simple hangga't maaari ang memo, at hindi dapat lumampas sa isang pahina.

**4. Sanayin ang mga estudyante sa pagsulat ng status memo.**

Tagubilinan ang mga estudyante na bumuo ng maliliit na grupo. Pasulatin ng dalawang status memo ang bawat grupo: isang ipadadala sa iyo, at isang ipadadala sa ibang grupong gumagawa ng proyekto. Dapat ipaliwanag ng memo ang kasalukuyang lagay ng proyekto.

Tanungin ang mga estudyante kung nahihirapan silang isulat ang kanilang mga status memo. Bilang isang klase, talakayin ang mga paraan para matukoy kung aling impormasyon ang dapat isama sa kanilang mga memo.

Pagkatapos, ipatukoy sa mga estudyante kung sinu-sinong sangkot sa kanilang proyekto ang dapat makatanggap ng mga memo (hal., prinsipal, lider ng komunidad). Talakayin kung gaano kadalas dapat magpadala ng mga memo, at gumawa ng iskedyul sa pagpapadala ng mga memo (kung naaangkop).

# Bahagi II: Kaugalian sa Trabaho

Layunin: Tuklasin ng mga estudyante ang kahalagahan ng malakas na etika sa paggawa.

**1. Magtayo ng house of cards ang mga estudyante.**

Magpamahagi ng mga index card o baraha sa mga estudyante; pagkatapos ay tagubilinan silang bumuo ng maliliit na grupo. Tagubilinan ang bawat grupo na magtayo ng house of cards. Ang grupong makakapagtayo ng pinakamataas na bahay ang mananalo. Bigyan ang mga estudyante ng tatlong minuto para kumpletuhin ang gawain. Habang gumagawa ang mga estudyante, mag-ikot-ikot sa silid at panoorin silang gumawa.

Kapag tapos na ang gawain, itanong sa mga estudyante ang sumusunod:

- Madali bang magtayo ng bahay na hindi gumuho? Anong pamamaraan ang ginamit ninyo para mapanatiling nakatayo ang mga baraha?
- Ano ang sanhi ng pagguho ng bahay?
- Kapag nakatayo ang bahay ninyo at nagtanggal kayo ng isang baraha, mananatili ba itong nakatayo?

Tulungan ang mga estudyante na maunawaan na sa house of cards, nakadepende sa isa't isa ang lahat ng baraha—kapag natumba ang isang baraha, guguho ang buong bahay. Ipaliwanag na sa isang grupo na nagtatrabaho para sa isang proyekto, pareho lang ang prinsipyo—kapag nawalan ng buwelo ang isang tao, o hindi nagagawa ang kanyang mga tungkulin, makakalas ang buong proyekto.

**2. Talakayin ng mga estudyante ang kahalagahan ng dedikasyon (commitment).**

Atasan ang mga estudyante na magpanggap na mga negosyante na ipinuhunan ang lahat ng personal na rekurso sa pangarap nilang negosyo. Lumago ang negosyo, at nagpasya silang kumuha ng mga empleyado. Tanungin ang mga estudyante, "Anong mga katangian ang gusto ninyong makita sa inyong mga empleyado?"

Ipaalala sa mga estudyante na ipinuhunan nila ang lahat ng personal na rekurso sa negosyo, kaya nakadepende sila sa tagumpay nito. Isulat sa pisara ang mga sagot nila sa tanong. (Dapat itugon ng mga estudyante na: ang mga taong may dedikasyon sa kanilang trabaho, natatapos sa oras ang mga gawain, laging nagsasabi sa iba, nananatiling masigla kahit nahaharap sa mga hamon, may mahusay na komunikasyon sa kanilang mga katrabaho, at mas inaalala ang tagumpay ng proyekto kaysa "gawin ang gustong gawin.")

Tagubilinan ang mga estudyante na tukuyin kung ano ang mangyayari kung kumuha sila ng mga empleyado na walang dedikasyon sa kanilang negosyo. Ipaliwanag sa mga estudyante na tulad ng dedikasyon sa negosyo, mahalaga rin ang dedikasyon ng mga estudyante sa kanilang proyekto sa service learning para magtagumpay ito.

**3. Matutunan ng mga estudyante ang tungkol sa kapangyarihan ng mga asal at ekspresyon.**

Tagubilinan ang mga estudyanteng bumuo ng grupo ng magkakapares. Ipaliwanag sa mga estudyante na ang kanilang takdang-aralin ay salaminin ang emosyonal na ekspresyon ng isa't isa, nang hindi nagsasalita. Sabihing, "Halimbawa, kung mukhang malungkot ang inyong 'mirror image,' kopyahin ninyo ang kanilang malungkot na ekspresyon. Kung naging masigla ang emosyonal na ekspresyon ng inyong mirror image, dapat masalamin ng ekspresyon mo ang pagbabagong ito."

Ipaliwanag na kailangan ng mga estudyante ng matinding konsentrasyon para masalamin ang isa't isa. Bigyan ang klase ng limang minuto para gawin ang aktibidad.

Kapag natapos na ng mga estudyante ang pagsasanay, hikayatin silang ibahagi ang kanilang mga tugon. Itanong:

- Madali bang kopyahin ang imahe ng inyong ka-partner?
- Isang tao ba ang nagmodelo ng karamihan ng mga ekspresyon habang sinasalamin ito ng ka-partner, o salitan kayo sa pagmomodelo at pagkopya?
- Ano ang iniisip ninyo habang sinasalamin ninyo ang ekspresyon ng isa't isa?
- Sa tingin ninyo, parang sa tunay na buhay ba ang pagsasanay na ito? Ano ang nangyayari kapag ang mga taong nakapaligid sa inyo ay nagpapahayag ng isang partikular na emosyon?

Kunin sa mga estudyante ang mga sagot na ang mga emosyon at ekspresyon ng mga tao ay maaaring makaimpluwensya sa mga emosyon at ekspresyon ng mga nakapaligid sa kanila. Tanungin ang mga estudyante kung ano ang maaaring epekto nito kung negatibo sa pangkalahatan ang emosyonal na ekspresyon ng mga tao. Hintaying sabihin ng mga estudyante na maaapektuhan ng kanilang mga asal at ekspresyon ang kanilang proyekto sa service learning; kaya mahalaga para sa lahat na manatiling positibo at may motibasyon.

**4. Tatalakayin ng mga estudyante ang pagiging maaasahan.**

Basahin sa mga estudyante ang sumusunod na pangyayari:

> Tinawagan mo ang isang kaibigan at nagpasya kayong manood sa sinehan. Bago at popular ang pelikulang panonoorin ninyo, kaya nagpasya kang magkikita kayo sa sinehan sa oras na 6:30 para makabili ng mga tiket. Pagkababa mo ng phone, tumunog ito—isa pang kaibigan, na matagal mo nang hindi nakikita. Aalis siya nang 6:15 para sa isang salu-salo at gusto ka niyang isama. Nagpasalamat ka, pero sinabi mo sa kanyang may naunang plano ka na. Ibinaba mo ang phone at nagpunta ka sa sinehan. Sumapit at lumampas ang 6:30, at wala pa rin ang kaibigan mo. Naubos ang mga tiket nang 6:45. Dumating siya 7:00 na parang wala lang at nagtanong kung handa ka nang panoorin ang pelikula.

Tanungin ang mga estudyante:

- Ano ang mararamdaman ninyo?
- Ano ang gagawin ninyo?
- Ano ang mararamdaman ninyo sa susunod na pagkakataon na yayain ka ng kaibigang ito na manood ng pelikula kasama siya?

Bilang isang klase, talakayin ang kahalagahan ng pagiging maaasahan at pagpapanatili ng dedikasyon sa proyekto ng service learning. Sabihin sa mga estudyante na kung nabigo sila sa kanilang dedikasyon, dapat silang humingi ng paumanhin at gumawa ng paraan para iwasto ang kanilang gawi.

# Bahagi III: Mga Natatanging Konsiderasyon

Layunin: Susuriin ng mga estudyante ang mga isyu sa proyekto na maaaring mangailangan ng espesyal na atensyon.

**1. Talakayin ng mga estudyante ang mga natatanging konsiderasyon para sa mga materyales ng proyekto.**

Ipaliwanag sa mga estudyante na ang pamamahala ng mga materyales ng proyekto ay hindi lang basta pangongolekta ng mga ito. Hikayatin ang mga estudyante na pagtalakayan ang iba pang isyu, na kaugnay sa mga materyales, na dapat isaalang-alang. (Dapat itugon ng mga estudyante na: pagpapanatili ng rekord, pag-iimbak, paglilinis, espesyal na mga kasunduan para sa mga item na donasyon o hiniram.)

Tulungan ang mga estudyante na gumawa ng checklist na makakatulong sa kanilang masubaybayan kung anong mga materyales ang kailangan nila, paano at kailan nila makukuha ang mga ito, at saan mahahanap ang mga ito.

Sabihin sa mga estudyante na isaalang-alang ang sumusunod na mga tanong kaugnay sa kung paano nila iniimbak ang kanilang mga materyales:

- May pahintulot ba kayong mag-imbak ng mga bagay sa lugar na gusto ninyong paglagyan ng mga ito?
- Ang inyo bang storage area ay nasa protektadong lugar, kung saan alam ninyong hindi magagalaw ang mga materyales?
- May iba pa bang mga materyales na kailangan ng espesyal na pag-iimbak (hal., pintura o likidong panlinis, mga babasaging bagay, nasisirang mga item)?
- Gaano katagal ninyong magagamit ang espasyo sa pag-iimbak ng mga bagay?
- Alam ba ng mga kaukulang tao kung saan nakaimbak ang mga materyales?

Tagubilinan ang mga estudyante na pag-isipan ang sumusunod na dagdag na mga tanong:

- May matitirang basura ba mula sa mga materyales na ginamit? Paano itatapon ang basura? Mayroon bang espesyal na pamamaraan na dapat sundin (hal., pagbubukod ng mga mare-recycle, paggamit ng mga espesyal na mga bag ng basura o mga basurahan)?

- Ano ang gagawin sa natitirang materyales?
- May hiniram bang mga materyales na dapat isauli agad pagkakumpleto ng proyekto? Paano ninyo dadalhin ang mga ito kung saan dapat dalhin ang mga ito sa tamang oras?
- Anong uri ng paglilinis ang kakailanganin? Mayroon bang posibleng mga kalat o tapon na kailangang paghandaan? Kakailanganin ba ng anumang partikular na kagamitan sa paglilinis para malinis nang sapat ang mga tagas o kalat na ito?

Dapat bumuo ang mga estudyante ng plano para sa pamamahala, paglilinis, at pagbabalik ng mga materyales sa oras.

**2. Talakayin ng mga estudyante ang mga natatanging konsiderasyon sa transportasyon.**

Itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod na tanong:

- Isasagawa ba ang inyong proyekto sa lugar na sakop ng paaralan? Paano ninyo pinaplanong makarating doon sa araw ng proyekto?
- Kakailanganin ba ninyong bisitahin ang site bago ang mismong araw ng proyekto? Ilang beses ninyo kailangang panimulang bisitahin ang site? Paano ninyo pinaplanong makarating doon?
- Kailangan ba ninyong magpunta sa iba pang lugar para makipagkita sa mga tao o kunin ang mga materyales? Paano ninyo pinaplanong makarating doon?
- Kakailanganin ba ninyong isakay ang mga materyales papunta sa ibang lugar? Paano ninyo ito gagawin?

Bilang isang klase, talakayin ang mga isyung ito sa transportasyon at kung paano ito maaaring matugunan. Ipaliwanag na kung kailangan ng mga estudyante, maaari nilang hilingin ang tulong mo sa pag-aasikaso ng transportasyon at ng kaukulang papeles, at iba pa.